

Inaanunsyo ng HIDOE ang pinalawak na mga pagkakataon sa tag-init para sa pag-aaral at suporta ng estudyante

Ang mga paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Hawai'i (Hawai'i State Department of Education, HIDOE) ay mag-aalok ng isang komprehensibong menu ng [mga programa para sa tag-init](#) na naglalayong tugunan ang mga pangangailangan sa pag-aaral ng mga estudyante habang lumilipat sila pabalik sa buong pag-aaral nang personal at naghahanda para sa 2021-22 na taon ng pasukan.

"Lubos na nagsumikap ang mga paaralan upang mag-disenyo ng mga programa na may mataas na interes para sa mga naghahabol na estudyante na hindi gaanong nakibahagi sa panahon ng pandemya pati na rin ang mga programa ng pagpapayaman para sa mga estudyante na naghahangad na subukan ang mga bagong bagay at tuklasin ang mga bagong interes," ayon kay Superintendent Dr. Christina Kishimoto. "Saklaw ng mga alok ang lahat ng antas ng grado, mula sa programa ng paglipat para sa mga papasok ng kindergartner hanggang sa bayad na mga internship sa tag-init para sa aming mga magtatapos na senior."



Bilang karagdagan sa tradisyonal na paaralan sa tag-init, nag-aalok ang Kagawaran ng nakakatawag pansin na mga pagkakataon ng pag-aaral sa tag-init sa pamamagitan ng mga modelo na inilalarawan sa ibaba. Ang mga pamilya ay dapat na makipag-ugnayan sa paaralan ng kanilang anak para sa mga tiyak na detalye ng bawat programa.


Opisyal na Paaralan sa Tag-init

Nilalayan ng opisyal na programa ng paaralan sa tag-init ng HIDOE na magbigay ng isang matatag na menu ng pandagdag na tagubilin para sa pagpapayaman ng mga estudyante, pagpapagaling, pagsulong sa kredito o mga layunin sa pagbawi ng kredito para sa mga gradong K-12. Ang mga estudyante sa mga gradong 9-12 ay may pagkakataon ding magparehistro para sa pag-aaral sa tag-init sa pamamagitan ng [E-School](#). Mag-click [dito](#) para sa isang listahan ng kasalukuyang mga inaalok sa paaralan sa tag-init.

Mga Sentro ng Pag-aaral sa Tag-init na Nakabase sa Paaralan

Ang mga sentro ng pag-aaral sa tag-init ay dinisenyo sa antas ng paaralan batay sa mga pangangailangan ng estudyante. Mayroong anim na uri: mga programa sa pagpapaunlad ng kredito, pagbawi ng kredito, pagpapayaman, pamamagitan, pagpapagaling, o paglipat. Ang mga petsa ng programa at mga modelo ng pagtuturo ay magkakaiba ayon sa paaralan.

Ang isang halimbawa ng sentro ng pag-aaral ay ang Programa ng Paglipat sa Tag-init sa Pagsisimula ng Kindergarten (Summer Start Kindergarten Transition Program), na maaaring alukin ng lahat ng mga paaralang elementarya ng HIDOE sa pakikipagtulungan sa Hawai'i P-20 Partnerships for Education. Ang libre, tatlong linggong programa na ito ay magbibigay ng karanasan sa silid aralan para sa mga papasok na estudyante ng kindergarten na may kaunti o walang karanasan sa preschool.



Bilang karagdagan, ang mga sentro ng pag-aaral na nakabatay sa palipat-lipat na komunidad (mobile community), na sinimulan noong huling tag-init, ay magpapatuloy, na maglilingkod sa mga sumusunod na komunidad ngayong tag-init: Lāna'i, Moloka'i, Hāna at ang Ka'ū-Kea'au-Pāhoa Complex Area.

Para sa karagdagang impormasyon at isang mapa ng mga kasalukuyang sentro ng pag-aaral sa tag-init na nakabatay sa paaralan ng HIDOE, mangyaring tingnan [dito](#).

Pinasadyang Suporta sa Estudyante

Magagamit ang pinahabang pagkakataon sa pag-aaral para sa mga estudyante na nangangailangan ng pinasadyang mga serbisyo at suporta. Kasama sa mga programang ito ang Pinahabang Taon ng Paaralan (Extended School Year, ESY), Pinahabang Mga Pagkakataon sa Pag-aaral Para sa Mga Nag-aaral ng Ingles (English Learner Extended Learning Opportunities), Mga Espesyal na Programa ng Suporta para sa mga estudyanteng may kapansanan, at Mga Suporta at Serbisyo Para sa Programa ng Alternatibong Pag-aaral (Alternative Learning Program Support and Services, ALPSS).

Pinabilis na Pag-aaral

Ang mga programa ng [Early College](#), isang pakikipagtulungan sa pagitan ng HIDOE at ng sistema ng Unibersidad ng Hawai'i, ay i-aalok sa mga estudyante sa mga gradong 9-12 para sa pinabilis na pag-aaral. Ang mga karapat-dapat na estudyante ay maaaring makakuha ng mga kredito sa kolehiyo habang tumutupad sa mga kinakailangan sa diploma sa high school (dalawahang kredito) sa matagumpay na pagkumpleto ng kurso.

Pag-aaral sa Kolehiyo, Karera at Komunidad

Upang suportahan ang mga magtatapos na senior na maaaring karaniwang lumalahok sa mga ekstrakurikular na aktibidad, pag-aaral na nakabatay sa komunidad, o part-time na trabaho, ang mga pagkakataon sa pag-internship sa tag-init ay muling ibinibigay sa mga tanggapan ng estado ng HIDOE. Inaasahang magsisimula ang mga internship sa Hunyo.

Higit pa sa mga akademiko, ang mga sumusunod na serbisyo at suporta ay ibibigay sa mga buwan ng tag-init.

Programang Pagpapakin sa Tag-init (Summer Feeding Program)

Ang HIDOE ay lilipat sa programa ng serbisyo sa pagpapakin sa tag-init, ang Walang-tigil na Opsyon sa Tag-init (Seamless Summer Option, SSO). Ang higit pang impormasyon sa mga kalahok na mga site ng paaralan ay paparating na.

Hotline ng Hawaii Keiki at Serbisyong Telehealth

Binuo upang mapabuti ang pantay na pag-access sa mga mapagkukunang pangkalusugan, ang Hotline sa Kalusugan ng Hawaii Keiki at ang Serbisyong Telehealth ay ibinibigay nang walang gastos sa mga estudyante ng HIDOE at sa mga pamilya at kawani na may mga katanungan tungkol sa mga alalahanin sa pisikal o mental na kalusugan ng mga estudyante. Ang mga oras sa tag-init ay ika-7 ng Hunyo – ika-23 ng Hulyo, Lunes hanggang Biyernes mula 8 ng umaga hanggang 3 ng hapon, hindi kasama ang mga piyesta opisyal. Tumawag nang toll-free sa (844) 436-3888. Ang mga serbisyo sa pagsasalin ay magagamit.

Proyektong YES

Ipagpapatuloy ng HIDOE ang Proyektong YES upang maisali ang mga mahirap maabot na mga estudyante at pamilya na nasa hindi matatag na pabahay, magbigay ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng mga pagkain at kagamitang pangkalinisan, at maghatid ng mga nakatatuwang aktibidad sa edukasyon. Ang bawat lugar pangheograpiya ang tutukoy sa mga tiyak na detalye batay sa mga lokal na pangangailangan, na nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga paaralan at ng komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga programa at pagkakataon sa tag-init ng HIDOE, mangyaring bisitahin ang bit.ly/HIDOEsummerlearning.

###